
BT-12

# OFFICIAL BALLOT / OPISYAL NA BALOTA

## Consolidated General Election
## City and County of San Francisco, November 8, 2022
## Pinagsamang Pangkalahatang Eleksyon
## Lungsod at County ng San Francisco, Nobyembre 8, 2022

**INSTRUCTIONS TO VOTERS / MGA INSTRUKSIYON SA MGA BOTANTE**



Use a pencil or pen with black or blue ink.
Fill in the oval to the right of your choice, as shown in the picture.
Write-in candidates are not permitted at the general election for a voter-nominated office.
If you make a mistake, you may request a new ballot.

Gumamit ng lapis o panulat na itim o asul ang tinta.
Punan ang oval sa kanan ng inyong pinili, ayon sa nakalarawan.
Hindi pinapayagan ang mga isinusulat-lamang na kandidato sa pangkalahatang eleksyon para sa katungkulang nominado-ng-botante.
Kung nagkamali kayo, maaari kayong humingi ng bagong balota.

**此選票提供中文版本**。郵寄投票：請致電 (415) 554-4367。親身投票：請詢問投票站工作人員。
**Esta boleta está disponible en español.** Por correo: llame al (415) 554-4366. En persona: pregunte a un trabajador electoral.
**Makukuha ang balotang ito sa wikang Filipino.** Sa pamamagitan ng koreo: tumawag sa (415) 554-4310. Nang personal: magtanong sa manggagawa sa lugar ng botohan.

### Voter-Nominated and Nonpartisan Offices

All voters, regardless of the party preference they disclosed upon registration, or refusal to disclose a party preference, may vote for any candidate for a voter-nominated or nonpartisan office. The party preference, if any, designated by a candidate for a voter-nominated office is selected by the candidate and is shown for the information of the voters only. It does not imply that the candidate is nominated or endorsed by the party or that the party approves of the candidate. The party preference, if any, of a candidate for a nonpartisan office does not appear on the ballot.

### Mga Katungkulang Nominado ng Botante at mga Hindi Makapartido

Ang lahat ng botante, maging ano man ang inihayag nilang kinakatigang partido nang sila ay nagparehistro, o tumangging ihayag ang kinakatigang partido, ay maaaring iboto ang sinumang kandidato para sa katungkulang nominado ng botante o hindi makapartido. Ang kinakatigang partido, kung mayroon man, na hinirang ng kandidato para sa katungkulang nominado ng botante ay pinili ng kandidato at ipinapakita lang para sa kaalaman ng mga bumoboto. Hindi nito ipinahihiwatig na ang kandidato ay nominado o inirerekomenda ng partido o na inaprobahan ng partido ang kandidato. Ang kinakatigang partido, kung mayroon man, ng kumakandidato para sa katungkulang hindi makapartido ay hindi makikita sa balota.

**VOTER-NOMINATED OFFICES**
**MGA KATUNGKULANG NOMINADO NG BOTANTE**

**STATE / ESTADO**

**GOVERNOR**
**GOBERNADOR**
Vote for One / Bumoto ng Isa

**BRIAN DAHLE**
Senator / Farmer / Senador / Magsasaka
Party Preference: Republican / Kinakatigang Partido: Republikano

**GAVIN NEWSOM**
Governor of California / Gobernador ng California
Party Preference: Democratic / Kinakatigang Partido: Demokratiko

**LIEUTENANT GOVERNOR**
**TENYENTE GOBERNADOR**
Vote for One / Bumoto ng Isa

**ANGELA E. UNDERWOOD JACOBS**
Businesswoman / Deputy Mayor / Negosyante / Deputy Mayor
Party Preference: Republican / Kinakatigang Partido: Republikano

**ELENI KOUNALAKIS**
Lieutenant Governor / Tenyente Gobernadora
Party Preference: Democratic / Kinakatigang Partido: Demokratiko

**SECRETARY OF STATE**
**KALIHIM NG ESTADO**
Vote for One / Bumoto ng Isa

**ROB BERNOSKY**
Chief Financial Officer / Punong Opisyal sa Pananalapi
Party Preference: Republican / Kinakatigang Partido: Republikano

**SHIRLEY N. WEBER**
Appointed California Secretary of State / Hinirang na Kalihim ng Estado ng California
Party Preference: Democratic / Kinakatigang Partido: Demokratiko

**CONTROLLER**
**KONTROLER**
Vote for One / Bumoto ng Isa

**MALIA M. COHEN**
California State Board of Equalization Member / Miyembro ng Board of Equalization ng Estado ng California
Party Preference: Democratic / Kinakatigang Partido: Demokratiko

**LANHEE J. CHEN**
Fiscal Advisor / Educator / Tagapayo sa Pananalapi / Tagapagturo
Party Preference: Republican / Kinakatigang Partido: Republikano

**TREASURER**
**INGAT-YAMAN**
Vote for One / Bumoto ng Isa

**FIONA MA**
State Treasurer / CPA / Ingat-Yaman ng Estado / CPA
Party Preference: Democratic / Kinakatigang Partido: Demokratiko

**JACK M. GUERRERO**
Councilmember / CPA / Economist / Miyembro ng Konseho / CPA / Ekonomista
Party Preference: Republican / Kinakatigang Partido: Republikano

**ATTORNEY GENERAL**
**PANGKALAHATANG ABUGADO**
Vote for One / Bumoto ng Isa

**ROB BONTA**
Appointed Attorney General of the State of California / Hinirang na Attorney General ng Estado ng California
Party Preference: Democratic / Kinakatigang Partido: Demokratiko

**NATHAN HOCHMAN**
General Counsel / Pangkalahatang Tagapayo
Party Preference: Republican / Kinakatigang Partido: Republikano

**INSURANCE COMMISSIONER**
**KOMISYONADO NG SEGURO**
Vote for One / Bumoto ng Isa

**ROBERT HOWELL**
Cybersecurity Equipment Manufacturer / Tagapagmanupaktura ng Kagamitan sa Cybersecurity
Party Preference: Republican / Kinakatigang Partido: Republikano

**RICARDO LARA**
Insurance Commissioner / Komisyonado sa Seguro
Party Preference: Democratic / Kinakatigang Partido: Demokratiko

**BOARD OF EQUALIZATION MEMBER, DISTRICT 2**
**MIYEMBRO NG LUPON NG TAGASINGIL NG BUWIS, DISTRITO 2**
Vote for One / Bumoto ng Isa

**SALLY J. LIEBER**
Councilwoman / Environmental Advocate / Konsehala / Tagapagtaguyod ng Kapaligiran
Party Preference: Democratic / Kinakatigang Partido: Demokratiko

**PETER COE VERBICA**
Investment Advisor / Tagapayo sa Pamumuhunan
Party Preference: Republican / Kinakatigang Partido: Republikano

**FEDERAL / PEDERAL**

**There are two U.S. Senate contests on this ballot.**
- **One for the regular 6-year term ending January 3, 2029**
- **One for the remainder of the current term ending January 3, 2023**

**You may vote for both contests.**

**May dalawang labanan sa Senado ng U.S. sa balotang ito.**
- **Isa para sa regular na 6 na taong termino na matatapos sa Enero 3, 2029**
- **Isa para sa natitirang bahagi ng kasalukuyang termino na matatapos sa Enero 3, 2023**

**Maaari kang bumoto para sa parehong labanan.**

**UNITED STATES SENATOR (term ending January 3, 2029)**
**SENADOR NG ESTADOS UNIDOS (termino na matatapos sa Enero 3, 2029)**
Vote for One / Bumoto ng Isa

**ALEX PADILLA**
Appointed United States Senator / Hinirang na Senador ng Estados Unidos
Party Preference: Democratic / Kinakatigang Partido: Demokratiko

**MARK P. MEUSER**
Constitutional Attorney / Abugado para sa Konstitusyon
Party Preference: Republican / Kinakatigang Partido: Republikano

**UNITED STATES SENATOR (remainder of the current term ending January 3, 2023)**
**SENADOR NG ESTADOS UNIDOS (natitirang bahagi ng kasalukuyang termino na matatapos sa Enero 3, 2023)**
Vote for One / Bumoto ng Isa

**ALEX PADILLA**
Appointed United States Senator / Hinirang na Senador ng Estados Unidos
Party Preference: Democratic / Kinakatigang Partido: Demokratiko

**MARK P. MEUSER**
Constitutional Attorney / Abugado para sa Konstitusyon
Party Preference: Republican / Kinakatigang Partido: Republikano

**Vote both sides of ballot / Bumoto sa parehong harap at likod ng balota**



59510

**VOTER-NOMINATED OFFICES**
**MGA KATUNGKULANG NOMINADO NG BOTANTE**

**FEDERAL / PEDERAL**

**UNITED STATES REPRESENTATIVE, DISTRICT 11**
**KINATAWAN NG ESTADOS UNIDOS, DISTRITO 11**
Vote for One / Bumoto ng Isa

**JOHN DENNIS**
Independent Businessman / Independiyenteng Negosyante
Party Preference: Republican / Kinakatigang Partido: Republikano

**NANCY PELOSI**
Member of Congress / Miyembro ng Kongreso
Party Preference: Democratic / Kinakatigang Partido: Demokratiko

**STATE / ESTADO**

**STATE ASSEMBLY MEMBER, DISTRICT 17**
**MIYEMBRO NG ASEMBLEYA NG ESTADO, DISTRITO 17**
Vote for One / Bumoto ng Isa

**DAVID CAMPOS**
Criminal Justice Administrator / Tagapangasiwa ng Katarungang Kriminal
Party Preference: Democratic / Kinakatigang Partido: Demokratiko

**MATT HANEY**
Assemblymember / Miyembro ng Asembleya
Party Preference: Democratic / Kinakatigang Partido: Demokratiko

**NONPARTISAN OFFICES / MGA KATUNGKULANG HINDI MAKAPARTIDO**

**JUDICIAL / PANGHUKUMAN**

**Vote YES or NO for each office / Iboto ang OO o ang HINDI para sa bawat katungkulan**

**FOR CHIEF JUSTICE OF CALIFORNIA**
Shall Associate Justice of the Supreme Court **PATRICIA GUERRERO** be elected to the office for the term provided by law?
**PARA SA PUNONG MAHISTRADO O MAHISTRADA NG CALIFORNIA** Dapat bang ihalal ang Kasamang Mahistrada ng Kataas-taasang Hukuman na si **PATRICIA GUERRERO** sa katungkulan para sa terminong nakasaad sa batas?

**YES / OO**
**NO / HINDI**

**FOR ASSOCIATE JUSTICE OF THE SUPREME COURT**
Shall Associate Justice of the Supreme Court **GOODWIN LIU** be elected to the office for the term provided by law?
**PARA SA KASAMANG MAHISTRADO O MAHISTRADA NG KATAAS-TAASANG HUKUMAN** Dapat bang ihalal ang Kasamang Mahistrado ng Kataas-taasang Hukuman na si **GOODWIN LIU** sa katungkulan para sa terminong nakasaad sa batas?

**YES / OO**
**NO / HINDI**

**FOR ASSOCIATE JUSTICE OF THE SUPREME COURT**
Shall Associate Justice of the Supreme Court **MARTIN J. JENKINS** be elected to the office for the term provided by law?
**PARA SA KASAMANG MAHISTRADO O MAHISTRADA NG KATAAS-TAASANG HUKUMAN** Dapat bang ihalal ang Kasamang Mahistrado ng Kataas-taasang Hukuman na si **MARTIN J. JENKINS** sa katungkulan para sa terminong nakasaad sa batas?

**YES / OO**
**NO / HINDI**


**FOR ASSOCIATE JUSTICE OF THE SUPREME COURT**
Shall Associate Justice of the Supreme Court **JOSHUA P. GROBAN** be elected to the office for the term provided by law?
**PARA SA KASAMANG MAHISTRADO O MAHISTRADA NG KATAAS-TAASANG HUKUMAN** Dapat bang ihalal ang Kasamang Mahistrado ng Kataas-taasang Hukuman na si **JOSHUA P. GROBAN** sa katungkulan para sa terminong nakasaad sa batas?

**YES / OO**
**NO / HINDI**

# OFFICIAL BALLOT / OPISYAL NA BALOTA

## Consolidated General Election
## City and County of San Francisco, November 8, 2022
## Pinagsamang Pangkalahatang Eleksyon
## Lungsod at County ng San Francisco, Nobyembre 8, 2022

**INSTRUCTIONS TO VOTERS / MGA INSTRUKSIYON SA MGA BOTANTE**



Use a pencil or pen with black or blue ink.
Fill in the oval to the right of your choice, as shown in the picture.
To vote for a qualified write-in candidate, write the candidate's name in the space at the end of the candidate list and fill in the oval.
If you make a mistake, you may request a new ballot.

Gumamit ng lapis o panulat na itim o asul ang tinta.
Punan ang oval sa kanan ng inyong pinili, ayon sa nakalarawan.
Para bumoto ng kuwalipikadong isinusulat-lamang na kandidato, isulat ang kanyang pangalan sa espasyo sa dulo ng listahan ng mga kandidato at punan ang oval.
Kung nagkamali kayo, maaari kayong humingi ng bagong balota.

**NONPARTISAN OFFICES / MGA KATUNGKULANG HINDI MAKAPARTIDO**

**JUDICIAL / PANGHUKUMAN**

**Vote YES or NO for each office / Iboto ang OO o ang HINDI para sa bawat katungkulan**

**FOR ASSOCIATE JUSTICE, COURT OF APPEAL, FIRST DISTRICT, DIVISION TWO**
Shall Associate Justice **THERESE M. STEWART** be elected to the office for the term provided by law?
**PARA SA KASAMANG MAHISTRADO O MAHISTRADA, HUKUMAN NG APELA, UNANG DISTRITO, IKALAWANG DIBISYON** Dapat bang ihalal ang Kasamang Mahistrada na si **THERESE M. STEWART** sa katungkulan para sa terminong nakasaad sa batas?

YES / OO ◯
NO / HINDI ◯

**FOR PRESIDING JUSTICE, COURT OF APPEAL, FIRST DISTRICT, DIVISION THREE**
Shall Presiding Justice **ALISON M. TUCHER** be elected to the office for the term provided by law?
**PARA SA PUNONG MAHISTRADO O MAHISTRADA, HUKUMAN NG APELA, UNANG DISTRITO, IKATLONG DIBISYON** Dapat bang ihalal ang Punong Mahistrada na si **ALISON M. TUCHER** sa katungkulan para sa terminong nakasaad sa batas?

YES / OO ◯
NO / HINDI ◯

**FOR ASSOCIATE JUSTICE, COURT OF APPEAL, FIRST DISTRICT, DIVISION THREE**
Shall Associate Justice **VICTOR A. RODRIGUEZ** be elected to the office for the term provided by law?
**PARA SA KASAMANG MAHISTRADO O MAHISTRADA, HUKUMAN NG APELA, UNANG DISTRITO, IKATLONG DIBISYON** Dapat bang ihalal ang Kasamang Mahistrado na si **VICTOR A. RODRIGUEZ** sa katungkulan para sa terminong nakasaad sa batas?

YES / OO ◯
NO / HINDI ◯

**FOR ASSOCIATE JUSTICE, COURT OF APPEAL, FIRST DISTRICT, DIVISION THREE**
Shall Associate Justice **IOANA PETROU** be elected to the office for the term provided by law?
**PARA SA KASAMANG MAHISTRADO O MAHISTRADA, HUKUMAN NG APELA, UNANG DISTRITO, IKATLONG DIBISYON** Dapat bang ihalal ang Kasamang Mahistrada na si **IOANA PETROU** sa katungkulan para sa terminong nakasaad sa batas?

YES / OO ◯
NO / HINDI ◯

**FOR ASSOCIATE JUSTICE, COURT OF APPEAL, FIRST DISTRICT, DIVISION THREE**
Shall Associate Justice **CARIN T. FUJISAKI** be elected to the office for the term provided by law?
**PARA SA KASAMANG MAHISTRADO O MAHISTRADA, HUKUMAN NG APELA, UNANG DISTRITO, IKATLONG DIBISYON** Dapat bang ihalal ang Kasamang Mahistrada na si **CARIN T. FUJISAKI** sa katungkulan para sa terminong nakasaad sa batas?

YES / OO ◯
NO / HINDI ◯

**FOR ASSOCIATE JUSTICE, COURT OF APPEAL, FIRST DISTRICT, DIVISION FOUR**
Shall Associate Justice **TRACIE L. BROWN** be elected to the office for the term provided by law?
**PARA SA KASAMANG MAHISTRADO O MAHISTRADA, HUKUMAN NG APELA, UNANG DISTRITO, IKAAPAT NA DIBISYON** Dapat bang ihalal ang Kasamang Mahistrada na si **TRACIE L. BROWN** sa katungkulan para sa terminong nakasaad sa batas?

YES / OO ◯
NO / HINDI ◯

**FOR ASSOCIATE JUSTICE, COURT OF APPEAL, FIRST DISTRICT, DIVISION FOUR**
Shall Associate Justice **JEREMY M. GOLDMAN** be elected to the office for the term provided by law?
**PARA SA KASAMANG MAHISTRADO O MAHISTRADA, HUKUMAN NG APELA, UNANG DISTRITO, IKAAPAT NA DIBISYON** Dapat bang ihalal ang Kasamang Mahistrado na si **JEREMY M. GOLDMAN** sa katungkulan para sa terminong nakasaad sa batas?

YES / OO ◯
NO / HINDI ◯

**FOR PRESIDING JUSTICE, COURT OF APPEAL, FIRST DISTRICT, DIVISION FIVE**
Shall Presiding Justice **TERI L. JACKSON** be elected to the office for the term provided by law?
**PARA SA PUNONG MAHISTRADO O MAHISTRADA, HUKUMAN NG APELA, UNANG DISTRITO, IKALIMANG DIBISYON** Dapat bang ihalal ang Punong Mahistrada na si **TERI L. JACKSON** sa katungkulan para sa terminong nakasaad sa batas?

YES / OO ◯
NO / HINDI ◯

**FOR ASSOCIATE JUSTICE, COURT OF APPEAL, FIRST DISTRICT, DIVISION FIVE**
Shall Associate Justice **GORDON B. BURNS** be elected to the office for the term provided by law?
**PARA SA KASAMANG MAHISTRADO O MAHISTRADA, HUKUMAN NG APELA, UNANG DISTRITO, IKALIMANG DIBISYON** Dapat bang ihalal ang Kasamang Mahistrado na si **GORDON B. BURNS** sa katungkulan para sa terminong nakasaad sa batas?

YES / OO ◯
NO / HINDI ◯

**SCHOOL / PAARALAN**

**SUPERINTENDENT OF PUBLIC INSTRUCTION**
**SUPERINTENDENTE NG PAMPUBLIKONG PAGTUTURO**
Vote for One / Bumoto ng Isa

**LANCE RAY CHRISTENSEN** ◯
Education Policy Executive
Tagapagpaganap ng Patakaran sa Edukasyon

**TONY K. THURMOND** ◯
Superintendent of Public Instruction
Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo

◯

**Vote both sides of ballot / Bumoto sa parehong harap at likod ng balota**

## MEMBER, BOARD OF EDUCATION
## MIYEMBRO, LUPON NG EDUKASYON
Vote for no more than Three / Bumoto ng hindi hihigit sa Tatlo

**GABRIELA LÓPEZ**
Teacher Educator
Gurong Edukador

**LAINIE MOTAMEDI**
Appointed Member, Board of Education
Itinalagang Miyembro, Lupon ng Edukasyon

**ANN HSU**
Appointed Member, Board of Education
Itinalagang Miyembro, Lupon ng Edukasyon

**ALIDA FISHER**
Special Education Advocate
Nag-aadbokasiya para sa Espesyal na Edukasyon

**KAREN FLESHMAN**
Diversity Inclusion Educator
Edukador sa Dibersidad at Inklusiyon

**LISA WEISSMAN-WARD**
Appointed Member, Board of Education
Itinalagang Miyembro, Lupon ng Edukasyon

## MEMBER, COMMUNITY COLLEGE BOARD (term ending January 8, 2027)
## MIYEMBRO, LUPON NG KOLEHIYO NG KOMUNIDAD (termino na matatapos sa Enero 8, 2027)
Vote for no more than Three / Bumoto ng hindi hihigit sa Tatlo

**THEA SELBY**
Trustee, City College of San Francisco
Katiwala, Kolehiyo ng Lungsod ng San Francisco

**ANITA MARTINEZ**
Retired Teacher / Administrator
Retiradong Guro / Administrador

**JASON CHUYUAN ZENG**
Data Engineer
Inhinyero ng Datos

**MARIE HURABIELL**
University Regent / Entrepreneur
Rehente ng Unibersidad / Negosyante

**WILLIAM WALKER**
Public School Teacher
Guro sa Pampublikong Paaralan

**JILL YEE**
Academic Dean
Dekana para sa Akademikong Gawain

**BRIGITTE DAVILA**
President, City College Board
Presidente, Lupon ng Kolehiyo ng Lungsod

**JOHN RIZZO**
Vice President, Community College Board
Bise Presidente, Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad

**VICK CHUNG**
Community Organizer
Tagapag-organisa sa Komunidad

**SUSAN SOLOMON**
Retired Teacher
Retiradong Guro

## MEMBER, COMMUNITY COLLEGE BOARD (remainder of the current term ending January 8, 2025)
## MIYEMBRO, LUPON NG KOLEHIYO NG KOMUNIDAD (natitirang bahagi ng kasalukuyang termino na matatapos sa Enero 8, 2025)
Vote for One / Bumoto ng Isa

**MURRELL GREEN**
Appointed Trustee, Community College Board
Itinalagang Katiwala, Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad

**ADOLFO VELASQUEZ**
Retired Chair / Counselor
Retiradong Tagapangulo / Konsehal

**DANIEL LANDRY**
Director, Arts Nonprofit
Direktor, Nonprofit ng Organisasyon sa Sining


**Vote both sides of ballot / Bumoto sa parehong harap at likod ng balota**


BT-12

# OFFICIAL BALLOT / OPISYAL NA BALOTA

## Consolidated General Election
## City and County of San Francisco, November 8, 2022
## Pinagsamang Pangkalahatang Eleksyon
## Lungsod at County ng San Francisco, Nobyembre 8, 2022

### INSTRUCTIONS TO VOTERS / MGA INSTRUKSIYON SA MGA BOTANTE







Use a pencil or pen with black or blue ink.

Fill in the oval to rank candidates in the order of your choice.
- In the 1st column, select your 1st choice candidate.
- In the 2nd column, select your 2nd choice candidate.
- In the 3rd column, select your 3rd choice candidate, and so on.

Do not fill in more than one oval in the same column.
Do not fill in more than one oval in the same row.

You may rank as many or as few candidates as you like. If there are fewer than three candidates for an office, you may mark your choice or choices and leave the remaining columns blank.

To vote for a qualified write-in candidate, write the candidate's name in the space at the end of the candidate list and fill in the oval for the rank.

If you make a mistake, you may request a new ballot.

Gumamit ng lapis o panulat na itim o asul ang tinta.

Punan ang oval para mabigyan ng ranggo ang mga kandidato ayon sa pagkakasunod-sunod ng inyong pinili.
- Sa ika-1 kolum, piliin ang inyong ika-1 pinililing kandidato.
- Sa ika-2 kolum, piliin ang inyong ika-2 pinililing kandidato.
- Sa ika-3 kolum, piliin ang inyong ika-3 pinililing kandidato, at iba pa.

Huwag punan ang mahigit sa isang oval sa parehong kolum.
Huwag punan ang mahigit sa isang oval sa parehong hilera.

Maaari kayong magbigay ng ranggo nang kahit gaano karami o kakaunti sa mga kandidato ayon sa inyong kagustuhan. Kung mas kaunti sa tatlong kandidato ang para sa isang katungkulan, maaari ninyong markahan ang inyong pinili o mga pinili at iwanang blangko ang natitirang mga kolum.

Para bumoto ng kuwalipikadong isinusulat-lamang na kandidato, isulat ang pangalan ng kandidato sa espasyo sa dulo ng listahan ng mga kandidato at punan ang oval para sa ranggo nito.

Kung nagkamali kayo, maaari kayong humingi ng bagong balota.

### CITY AND COUNTY / LUNGSOD AT COUNTY

#### ASSESSOR-RECORDER
#### TAGATASA-TAGATALA

| | 1st Choice Ika-1 Pinili | 2nd Choice Ika-2 Pinili | 3rd Choice Ika-3 Pinili |
|---|---|---|---|
| **JOAQUÍN TORRES**<br>Assessor-Recorder, City and County of San Francisco<br>Tagatasa-Tagatala, Lungsod at County ng San Francisco | 1 | 2 | 3 |
| | 1 | 2 | 3 |
| | 1 | 2 | 3 |

#### DISTRICT ATTORNEY
#### ABUGADO NG DISTRITO

| | 1st Choice Ika-1 Pinili | 2nd Choice Ika-2 Pinili | 3rd Choice Ika-3 Pinili | 4th Choice Ika-4 Pinili |
|---|---|---|---|---|
| **MAURICE CHENIER**<br>Attorney at Law<br>Abugado sa Batas | 1 | 2 | 3 | 4 |
| **JOHN HAMASAKI**<br>Civil Rights Attorney<br>Abugado para sa mga Karapatang Sibil | 1 | 2 | 3 | 4 |
| **BROOKE JENKINS**<br>Appointed District Attorney<br>Itinalagang Abugado ng Distrito | 1 | 2 | 3 | 4 |
| **JOE ALIOTO VERONESE**<br>Civil Rights Attorney<br>Abugado para sa mga Karapatang Sibil | 1 | 2 | 3 | 4 |
| | 1 | 2 | 3 | 4 |

## PUBLIC DEFENDER
## PAMPUBLIKONG TAGAPAGTANGGOL

| | 1st Choice Ika-1 Pinili | 2nd Choice Ika-2 Pinili | 3rd Choice Ika-3 Pinili |
|---|---|---|---|
| **MANO RAJU**<br>Incumbent<br>Kasalukuyang Nanunungkulan | ◯ 1 | ◯ 2 | ◯ 3 |
| **REBECCA SUSAN FENG YOUNG**<br>Criminal Justice Attorney<br>Abugado ng Batas Kriminal | ◯ 1 | ◯ 2 | ◯ 3 |
| | ◯ 1 | ◯ 2 | ◯ 3 |

## MEMBER, BOARD OF SUPERVISORS, DISTRICT 6
## MIYEMBRO, LUPON NG MGA SUPERBISOR, DISTRITO 6


| | 1st Choice Ika-1 Pinili | 2nd Choice Ika-2 Pinili | 3rd Choice Ika-3 Pinili | 4th Choice Ika-4 Pinili |
|---|---|---|---|---|
| **MATT DORSEY**<br>Appointed Member, Board of Supervisors<br>Itinalagang Miyembro, Lupon ng mga Superbisor | ◯ 1 | ◯ 2 | ◯ 3 | ◯ 4 |
| **MS BILLIE COOPER**<br>Peer Educator Organizer<br>Organisador ng mga Peer Educator | ◯ 1 | ◯ 2 | ◯ 3 | ◯ 4 |
| **HONEY MAHOGANY**<br>Social Worker<br>Social Worker | ◯ 1 | ◯ 2 | ◯ 3 | ◯ 4 |
| **CHERELLE JACKSON**<br>Director of Communications<br>Direktor ng Komunikasyon | ◯ 1 | ◯ 2 | ◯ 3 | ◯ 4 |
| | ◯ 1 | ◯ 2 | ◯ 3 | ◯ 4 |

BT-12

# OFFICIAL BALLOT / OPISYAL NA BALOTA

## Consolidated General Election
## City and County of San Francisco, November 8, 2022
## Pinagsamang Pangkalahatang Eleksyon
## Lungsod at County ng San Francisco, Nobyembre 8, 2022

**INSTRUCTIONS TO VOTERS / MGA INSTRUKSIYON SA MGA BOTANTE**



Use a pencil or pen with black or blue ink.
Fill in the oval to the right of your choice, as shown in the picture.
If you make a mistake, you may request a new ballot.

Gumamit ng lapis o panulat na itim o asul ang tinta.
Punan ang oval sa kanan ng inyong pinili, ayon sa nakalarawan.
Kung nagkamali kayo, maaari kayong humingi ng bagong balota.

**MEASURES SUBMITTED TO THE VOTERS / MGA PANUKALANG ISINUMITE SA MGA BOTANTE**

**STATE PROPOSITIONS / MGA PROPOSISYON NG ESTADO**

**1 CONSTITUTIONAL RIGHT TO REPRODUCTIVE FREEDOM. LEGISLATIVE CONSTITUTIONAL AMENDMENT.** Amends California Constitution to expressly include an individual's fundamental right to reproductive freedom, which includes the fundamental right to choose to have an abortion and the fundamental right to choose or refuse contraceptives. This amendment does not narrow or limit the existing rights to privacy and equal protection under the California Constitution. **Fiscal Impact:** No direct fiscal effect because reproductive rights already are protected by state law.

**KARAPATAN SA KALAYAAN SA REPRODUKSYON AYON SA SALIGANG-BATAS. PAMBATASANG SUSOG SA SALIGANG-BATAS.** Sinususugan ang Saligang-batas ng California para hayagang isama ang pangunahing karapatan ng isang indibidwal sa kalayaan sa reproduksyon, kasama ang pangunahing karapatang piliing magpalaglag ng sanggol at fundamental na karapatang pumili o hindi gumamit ng mga contraceptive. Hindi nililimitahan ng susog na ito ang mga kasalukuyang karapatan sa privacy at patas na proteksyon sa ilalim ng Saligang-batas ng California. **Epekto sa Pananalapi:** Walang direktang epekto sa pananalapi dahil pinoprotektahan na ng batas ng estado ang mga karapatan sa reproduksyon.

YES / OO ◯

NO / HINDI ◯

**26 ALLOWS IN-PERSON ROULETTE, DICE GAMES, SPORTS WAGERING ON TRIBAL LANDS. INITIATIVE CONSTITUTIONAL AMENDMENT AND STATUTE.** Also allows: sports wagering at certain horseracing tracks; private lawsuits to enforce certain gambling laws. Directs revenues to General Fund, problem-gambling programs, enforcement. **Fiscal Impact:** Increased state revenues, possibly reaching tens of millions of dollars annually. Some of these revenues would support increased state regulatory and enforcement costs that could reach the low tens of millions of dollars annually.

**PINAPAYAGAN ANG IN-PERSON NA ROULETTE, MGA LARONG MAY DICE, AT PAGTAYA SA SPORTS SA MGA PANTRIBONG LUPAIN. INISYATIBANG PAG-AAMYENDA SA SALIGANG-BATAS.** Pinapayagan din ang: pagtaya sa sports sa ilang partikular na track ng karera ng kabayo; pribadong kaso para magpatupad ng ilang partikular na batas sa pagsusugal. Dinidirekta ang mga kita sa Pangkalahatang Pondo, programa para sa mga problema sa pagsusugal, at pagpapatupad. **Epekto sa Pananalapi:** Dagdag na kita ng estado, na posibleng umabot sa sampu-sampung milyon dolyar bawat taon. Susuportahan ng ilan sa mga kitang ito ang dagdag na gastusin sa pangangasiwa at pagpapatupad ng estado na puwedeng umabot sa mababang sampu-sampung milyon dolyar bawat taon.

YES / OO ◯

NO / HINDI ◯

**27 ALLOWS ONLINE AND MOBILE SPORTS WAGERING OUTSIDE TRIBAL LANDS. INITIATIVE CONSTITUTIONAL AMENDMENT AND STATUTE.** Allows Indian tribes and affiliated businesses to operate online/mobile sports wagering outside tribal lands. Directs revenues to regulatory costs, homelessness programs, nonparticipating tribes. **Fiscal Impact:** Increased state revenues, possibly in the hundreds of millions of dollars but not likely to exceed $500 million annually. Some revenues would support state regulatory costs, possibly reaching the mid-tens of millions of dollars annually.

**PINAPAYAGAN ANG ONLINE AT PAGTAYA SA MOBILE NA SPORTS SA LABAS NG MGA PANTRIBONG LUPAIN. INISYATIBONG PAG-AAMYENDA SA SALIGANG-BATAS.** Pinapayagan ang mga Indian na tribo at affiliated na negosyo na mag-operate ng pagtaya sa online/mobile na sports sa labas ng mga pantribong lupain. Dinidirekta ang mga kita sa mga gastusin sa pangangasiwa, programa sa kawalan ng tirahan, at hindi kalahok na tribo. **Epekto sa Pananalapi:** Dagdag na kita ng estado, na posibleng nasa daan-daang milyong dolyar pero malamang ay hindi lumampas sa $500 milyon bawat taon. Susuportahan ng ilang kita ang mga gastusin sa pangangasiwa ng estado, na posibleng umabot sa kalagitnaan ng sampu-sampung milyong dolyar bawat taon.

YES / OO ◯

NO / HINDI ◯

**28 PROVIDES ADDITIONAL FUNDING FOR ARTS AND MUSIC EDUCATION IN PUBLIC SCHOOLS. INITIATIVE STATUTE.** Provides additional funding from state General Fund for arts and music education in all K-12 public schools (including charter schools). **Fiscal Impact:** Increased state costs of about $1 billion annually, beginning next year, for arts education in public schools.

**NAGBIBIGAY NG KARAGDAGANG PONDO PARA SA EDUKASYON SA SINING AT MUSIKA SA MGA PAMPUBLIKONG PAARALAN. INISYATIBANG BATAS.** Nagbibigay ng karagdagang pondo mula sa Pangkalahatang Pondo ng estado para sa edukasyon sa sining at musika sa lahat ng K-12 na pampublikong paaralan (kasama ang mga charter school). **Epekto sa Pananalapi:** Dagdag na gastusin ng estado na humigit-kumulang $1 bilyon bawat taon, na magsisimula sa susunod na taon, para sa edukasyon sa sining sa mga pampublikong paaralan.

YES / OO ◯

NO / HINDI ◯

**Vote both sides of ballot / Bumoto sa parehong harap at likod ng balota** 4/5 FI

## STATE PROPOSITIONS / MGA PROPOSISYON NG ESTADO

**29 REQUIRES ON-SITE LICENSED MEDICAL PROFESSIONAL AT KIDNEY DIALYSIS CLINICS AND ESTABLISHES OTHER STATE REQUIREMENTS. INITIATIVE STATUTE.** Requires physician, nurse practitioner, or physician assistant on site during treatment. Requires clinics to: disclose physicians' ownership interests; report infection data. **Fiscal Impact:** Increased state and local government costs likely in the tens of millions of dollars annually.

**KINAKAILANGAN NG LISENSYADONG MEDIKAL NA PROPESYONAL SA LUGAR SA MGA KLINIKA PARA SA PAG-DIALYSIS NG KIDNEY AT NAGTATAKDANG IBA PANG PAG-AATAS NG ESTADO. INISYATIBANG BATAS.** Kinakailangan ng doktor, nurse practitioner, o physician assistant sa lugar sa panahon ng paggamot. Inaatasan ang mga klinika na: ihayag ang mga interes sa pagmamay-ari ng doktor; iulat ang datos ng impeksyon. **Epekto sa Pananalapi:** Tumaas na gastusin ng pang-estado at lokal na pamahalaan na malamang sa sampu-sampung milyong dolyar bawat taon.

**YES / OO** ◯

**NO / HINDI** ◯

**30 PROVIDES FUNDING FOR PROGRAMS TO REDUCE AIR POLLUTION AND PREVENT WILDFIRES BY INCREASING TAX ON PERSONAL INCOME OVER $2 MILLION. INITIATIVE STATUTE.** Allocates tax revenues to zero-emission vehicle purchase incentives, vehicle charging stations, and wildfire prevention. **Fiscal Impact:** Increased state tax revenue ranging from $3.5 billion to $5 billion annually, with the new funding used to support zero-emission vehicle programs and wildfire response and prevention activities.

**NAGBIBIGAY NG PONDO SA MGA PROGRAMA PARA MABAWASAN ANG POLUSYON SA HANGIN AT MAIWASAN ANG MGA WILDFIRE SA PAMAMAGITAN NG PAGPAPATAAS NG BUWIS SA PERSONAL NA KITA NA MAHIGIT $2 MILYON. INISYATIBANG BATAS.** Inilalaan ang mga kita sa buwis sa mga incentive sa pagbili ng zero-emission na sasakyan, charging station ng sasakyan, at pag-iwas sa wildfire. **Epekto sa Pananalapi:** Dagdag na kita sa buwis ng estado na mula $3.5 bilyon hanggang $5 bilyon bawat taon, kung saan gagamitin ang bagong pondo para suportahan ang mga programa sa zero-emission na sasakyan at tugon at mga aktibidad sa pag-iwas sa wildfire.

**YES / OO** ◯

**NO / HINDI** ◯

**31 REFERENDUM ON 2020 LAW THAT WOULD PROHIBIT THE RETAIL SALE OF CERTAIN FLAVORED TOBACCO PRODUCTS.** A "Yes" vote approves, and a "No" vote rejects, a 2020 law prohibiting retail sale of certain flavored tobacco products. **Fiscal Impact:** Decreased state tobacco tax revenues ranging from tens of millions of dollars annually to around $100 million annually.

**REPERENDUM SA 2020 BATAS NA MAGBABAWAL SA RETAIL NA PAGBEBENTA NG ILANG PARTIKULAR NA PRODUKTONG TABAKO NA MAY FLAVOR.** Nag-aapruba ang botong "Oo" at tumatanggi ang botong "Hindi" sa isang 2020 batas na nagbabawal sa retail na pagbebenta ng ilang partikular na produktong tabako na may flavor. **Epekto sa Pananalapi:** Mas kaunting kita sa buwis sa tabako ng estado na mula sampu-sampung milyong dolyar bawat taon hanggang sa humigit-kumulang $100 milyon taun-taon.

**YES / OO** ◯

**NO / HINDI** ◯

## CITY AND COUNTY PROPOSITIONS / MGA PROPOSISYON NG LUNGSOD AT COUNTY

**A** Shall the City amend the Charter to allow City employees who retired before November 6, 1996, to receive a supplemental cost of living adjustment to their pensions even if the retirement system is not fully funded and allow the Retirement Board to have an individual employment contract with its executive director?

Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Tsarter upang mapahintulutan ang mga empleyado ng Lungsod, na nagretiro bago ang Nobyembre 6, 1996, na makatanggap ng karagdagang pera sa kanilang pensiyon at nang makaayon sa halaga ng pamumuhay, kahit na hindi lubusang napopondohan ang sistema para sa pagreretiro, at pahintulutan ang Retirement Board na magkaroon ng pang-indibidwal na kontrata sa pag-eempleyo sa ehekutibong direktor nito?

**YES / OO** ◯

**NO / HINDI** ◯

**B** Shall the City amend the Charter to eliminate the Department of Sanitation and Streets and transfer its duties back to the Department of Public Works and to retain the Sanitation and Streets Commission and Public Works Commission?

Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Tsarter upang tanggalin na ang Department of Sanitation and Streets at ilipat ang mga tungkulin nito pabalik sa Department of Public Works, at panatilihin ang Sanitation and Streets Commission at ang Public Works Commission?

**YES / OO** ◯

**NO / HINDI** ◯

**C** Shall the City amend the Charter to establish a Homelessness Oversight Commission to oversee the Department of Homelessness and Supportive Housing and require the City Controller to conduct audits of services for people experiencing homelessness?

Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Tsarter upang makapagtatag ng Homelessness Oversight Commission at nang mapangasiwaan ang Department of Homelessness and Supportive Housing, at itakda sa Controller ng Lungsod na magsagawa ng pag-o-audit ng mga serbisyo para sa mga indibidwal na nakararanas ng kawalan ng tahanan?

**YES / OO** ◯


**NO / HINDI** ◯

BT-12

# OFFICIAL BALLOT / OPISYAL NA BALOTA

## Consolidated General Election
## City and County of San Francisco, November 8, 2022
## Pinagsamang Pangkalahatang Eleksyon
## Lungsod at County ng San Francisco, Nobyembre 8, 2022

**INSTRUCTIONS TO VOTERS / MGA INSTRUKSIYON SA MGA BOTANTE**



Use a pencil or pen with black or blue ink.
Fill in the oval to the right of your choice, as shown in the picture.
If you make a mistake, you may request a new ballot.

Gumamit ng lapis o panulat na itim o asul ang tinta.
Punan ang oval sa kanan ng inyong pinili, ayon sa nakalarawan.
Kung nagkamali kayo, maaari kayong humingi ng bagong balota.

**MEASURES SUBMITTED TO THE VOTERS / MGA PANUKALANG ISINUMITE SA MGA BOTANTE**

**CITY AND COUNTY PROPOSITIONS / MGA PROPOSISYON NG LUNGSOD AT COUNTY**

**D** Shall the City amend the Charter to streamline approval of affordable housing that provides (1) housing for households with income up to 140% of area median income (AMI) but where the average household income is no more than 120% of AMI, (2) additional affordable housing units equal to 15% of the required number of affordable on-site units, or (3) housing for households that include at least one School District or City College employee, with certain household income restrictions; and to no longer require Board of Supervisors' approval for those types of projects if they use City property or financing?

Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Tsarter upang gawing mas simple ang pag-apruba sa abot-kayang pabahay na nagkakaloob ng (1) pabahay sa mga kabahayang may kita na hanggang sa 140% ng area median income (AMI), pero kung saan ang karaniwang kita ng kabahayan ay hindi hihigit sa 120% ng AMI, (2) karagdagang mga unit ng abot-kayang pabahay na katumbas ng 15% ng itinatakdang bilang ng abot-kayang unit sa lugar, o (3) pabahay para sa mga kabahayan kung saan may kasamang isa o higit pang empleyado ng Pampaaralang Distrito o City College, nang may ilang restriksiyon sa kita ng kabahayan; at huwag nang itakda ang pag-apruba ng Board of Supervisors para sa gayong uri ng mga proyekto kung ginagamit na ng mga ito ang ari-arian o pagpipinansiya ng Lungsod?

YES / OO ○
NO / HINDI ○

**E** Shall the City amend the Charter to streamline approval of affordable housing that provides (1) housing for households with income up to 120% of area median income (AMI) but where the average household income is no more than 80% of AMI, (2) additional affordable housing units equal to 8% of the total number of units in the entire project, or (3) housing for households that include at least one School District or City College employee, with certain household income restrictions; and to continue requiring Board of Supervisors' approval for those types of projects if they use City property or financing?

Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Tsarter upang gawing mas simple ang pag-apruba sa abot-kayang pabahay na nagkakaloob ng (1) pabahay sa mga kabahayang may kita na hanggang sa 120% ng area median income (AMI), pero kung saan ang karaniwang kita ng kabahayan ay hindi hihigit sa 80% ng AMI, (2) karagdagang mga unit ng abot-kayang pabahay na katumbas ng 8% ng itinatakda na kabuuang bilang ng mga unit sa buong proyekto, o (3) pabahay para sa mga kabahayan kung saan may kasamang isa o higit pang empleyado ng Pampaaralang Distrito o City College, nang may ilang restriksiyon sa kita ng kabahayan; at patuloy na itakda ang pag-apruba ng Board of Supervisors para sa gayong uri ng mga proyekto kung ginagamit na ng mga ito ang ari-arian o pagpipinansiya ng Lungsod?

YES / OO ○
NO / HINDI ○

**F** Shall the City amend the Charter to renew the Library Preservation Fund for 25 years, allow the City to temporarily freeze the annual minimum funding for the Library when the City anticipates a budget deficit over $300 million, and require the Library to increase the minimum hours the Main Library and its branches must be open per week?

Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Tsarter upang mapanumbalik ang Pondo para sa Preserbasyon ng Aklatan sa loob ng 25 taon, pahintulutan ang Lungsod na pansamantalang itigil ang taunan na minimum na pagpopondo sa Aklatan, kung inaasahan ng Lungsod na magkakaroon ng kakulangan sa badyet na mahigit sa $300 milyon, at itakda sa Aklatan na dagdagan ang minimum na oras na kailangang bukas ang Pangunahing Aklatan at ang mga sangay nito linggo-linggo?

YES / OO ○
NO / HINDI ○

**G** Shall the City amend the Charter to provide additional funding for grants to the San Francisco Unified School District for 15 years to improve student academic achievement and social/emotional wellness?

Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Tsarter upang makapagbigay ng karagdagang pondo para sa grants sa San Francisco Unified School District sa loob ng 15 taon, at nang mapaghusay ang nakakamit na akademikong tagumpay ng mga estudyante at ang kanilang sosyo/emosyonal na kagalingan?

YES / OO ○
NO / HINDI ○

**H** Shall the City amend the Charter to hold elections for Mayor, Sheriff, District Attorney, City Attorney and Treasurer in November of presidential election years, extend the current terms of these officials by one year to January 2025, provide that there would be no regularly scheduled election in 2023, hold elections for local ballot measures only in even-numbered years or in special elections, and change the minimum number of signatures required for voters to place ordinances and declarations of policy on the ballot?

Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Tsarter upang makapagsagawa ng mga eleksyon para sa Mayor, Sheriff, Abugado ng Distrito, Abugado ng Lungsod, at Tesorero sa Nobyembre sa mga taon ng eleksyon para sa pagkapresidente, pahabain ang kasalukuyang termino ng mga opisyal na ito nang isang taon hanggang sa Enero 2025, itakda na hindi na magkakaroon ng regular na naka-iskedyul na eleksyon sa 2023, magsagawa lamang ng eleksyon para sa lokal na mga panukala sa balota sa mga taon na may bilang na even o sa mga espesyal na eleksyon, at baguhin ang minimum na bilang ng kinakailangang lagda upang makapaglagay ang mga botante ng mga ordinansa at deklarasyon ng polisiya sa balota?

YES / OO ○
NO / HINDI ○

**Vote both sides of ballot / Bumoto sa parehong harap at likod ng balota**



59514

**I** Shall the City allow private motor vehicles on John F. Kennedy Drive and connector streets in Golden Gate Park at all times except from 6 a.m. to 6 p.m. on Sundays and legal holidays year-round, as well as on Saturdays in April through September, allow motor vehicles in both directions at all times on the Great Highway and not allow the City to remove the Great Highway between Sloat and Skyline boulevards as proposed?

Dapat bang pahintulutan ng Lungsod ang pribadong mga sasakyan sa John F. Kennedy Drive at tagapag-ugnay na kalye sa Golden Gate Park sa lahat ng panahon, maliban na lamang mula 6 a.m. hanggang 6 p.m. tuwing Linggo at legal na holiday sa kabuuan ng taon, pati na rin tuwing Sabado mula Abril hanggang Setyembre, pahintulutan ang mga sasakyan sa magkabilang direksiyon sa lahat ng panahon sa Great Highway, at hindi pahintulutan ang Lungsod na tanggalin ang Great Highway sa pagitan ng Sloat at Skyline boulevards, ayon sa iminumungkahi?

**YES / OO** ◯

**NO / HINDI** ◯

**J** Shall the City affirm the ordinance the Board of Supervisors adopted in May 2022 reserving portions of John F. Kennedy Drive and certain connector streets in Golden Gate Park as open recreation spaces, closing those streets seven days a week to private motor vehicles with limited exceptions?

Dapat bang pagtibayin ng Lungsod ang ordinansang napagtibay na ng Board of Supervisors noong Mayo 2022 na nagrereserba sa ilang bahagi ng John F. Kennedy Drive at ilang tagapag-ugnay na kalye sa Golden Gate Park bilang bukas na mga espasyo para sa paglilibang, at sinasara ang mga kalyeng ito nang pitong araw sa isang linggo sa pribadong mga sasakyan, kung saan limitado ang hindi nasasakop ng patakaran?

**YES / OO** ◯

**NO / HINDI** ◯

**K** Measure K was removed from the ballot by order of the San Francisco Superior Court.

Inalis ang Proposisyon K sa balota ayon sa utos ng Korte Superyor ng San Francisco.

**L** Shall the City continue a one-half cent sales tax to 2053 and generate estimated annual revenue of $100-236 million to pay for transportation projects described in a new 30-year spending plan, allow the Transportation Authority to issue up to $1.91 billion in bonds to pay for these projects, and increase the total amount of money the Transportation Authority may spend each year for the next four years?

Dapat bang ipagpatuloy ng Lungsod ang kalahating sentimong sales tax hanggang 2053 at nang makakalap ng tinatayang taunan na kita na $100-236 milyon, at sa gayon ay mabayaran ang mga proyekto sa transportasyon na nakalarawan sa bagong 30-taon na plano sa paggasta, mapahintulutan ang Transportation Authority na maglabas ng hanggang sa $1.91 bilyon sa utang ng gobyerno upang mabayaran ang mga proyektong ito, at taasan ang kabuuang halaga ng pera na maaaring gastahin ng Transportation Authority taon-taon sa loob ng susunod na apat na taon?

**YES / OO** ◯

**NO / HINDI** ◯

**M** Shall the City tax owners of vacant residential units in buildings with three or more units, if those owners have kept those units vacant for more than 182 days in a calendar year, at a rate between $2,500-5,000 per vacant unit in 2024 and up to $20,000 in later years with adjustments for inflation, to generate estimated annual revenue of $20-37 million, with the tax continuing until December 31, 2053, and use those funds for rent subsidies and affordable housing?

Dapat bang buwisan ng Lungsod ang mga may-ari ng bakanteng residensiyal na unit sa mga gusali na may tatlo o higit pang unit, kapag pinanatiling bakante ng mga may-aring ito ang unit nang mahigit sa 182 araw sa taon na nakabatay sa kalendaryo, sa singil na nasa pagitan ng $2,500-5,000 kada bakanteng unit sa 2024 at hanggang sa $20,000 sa susunod pang mga taon, nang may pag-aayon para sa inflation, at sa gayon, makakalap ng tinataya na taunang kita na $20-37 milyon, kung saan magpapatuloy ang pagbubuwis hanggang Disyembre 31, 2053, at gagamitin ang mga pondong ito para sa subsidyo sa upa at abot-kayang pabahay?

**YES / OO** ◯

**NO / HINDI** ◯

**N** Shall the City be allowed to use public funds to acquire, operate or subsidize public parking in the underground parking garage below the Music Concourse in Golden Gate Park, and direct the Golden Gate Park Concourse Authority to dissolve, transferring management of the garage to the City's Recreation and Park Commission?

Dapat bang pahintulutan ang Lungsod na gamitin ang pampublikong pondo upang magkaroon at mapatakbo ang operasyon ng pampublikong paradahan, o mabigyan ito ng subsidyo, sa underground na paradahang garahe sa ilalim ng Music Concourse sa Golden Gate Park, at utusan ang Golden Gate Park Concourse Authority na buwagin ang sarili, at ilipat ang pamamahala sa garahe sa Recreation and Parks Commission ng Lungsod?

**YES / OO** ◯

**NO / HINDI** ◯

**O** Shall the City establish an additional parcel tax on some San Francisco property owners based on the square footage and use of their properties, at rates between $150-4,000 per parcel with adjustments for inflation, to generate approximately $37 million in annual revenue, beginning on July 1, 2023 and continuing until June 30, 2043, and transfer those funds to City College for student and workforce development programs?

Dapat bang magtakda ang Lungsod ng karagdagang parcel tax sa ilang may ari-arian sa San Francisco batay sa kuwadradong talampakan at gamit ng kanilang ari-arian, sa singil na nasa pagitan ng $150-4,000 kada parsela, nang may pag-aayon para sa inflation, at nang makakalap ng humigit-kumulang $37 milyon na taunang kita, simula sa Hulyo 1, 2023, na magpapatuloy hanggang Hunyo 30, 2043, at ilipat ang mga pondong ito sa City College para sa mga programa para sa pag-unlad ng mga estudyante at nagtatrabaho sa kolehiyo?

**YES / OO** ◯

**NO / HINDI** ◯